**PANUKALA SA PAGHAHANAP AT PAGSIRA NG MGA PINUPUGARAN NG MGA KITI-KITI**

Mula kay Kaela May G. Dabalos

Purok 5

Barangay Magsaysay

Uson, Masbate

Ika - 6 ng Septembre, 2019

Haba ng Panahong gugugulin: Isang linggo at isang araw

## I. Pagpapahayag ng suliranin

Ang barangay Magsaysay ay matatagpuan sa Uson, masbate at isa sa mga barangay na kabilang sa tala ng mga lugar na may dengue. May mga bata at matanda na nakagat ng lamok at nakuha ang sakit na dengue fever. Ito ay sa kadahilanang napapabayaan at hindi nalilinisan ang mga naimbak na tubig. Hindi rin nalilinisan ang mga lugar tulad ng bodega na iniimbakan ng mga gamit na di na ginagamit. Maaaring hindi rin nalilinisan ang kapaligiran kung saan may mga basurang nakakalat sa paligid tulad ng mga bote, plastic, at iba pa na pwedeng malagyan ng tubig. Ang gulong ay maaari ring pugaran ng mga kiti-kiti sapagkat ito ay pwedeng malagyan o maimbakan ng tubig pag umuulan.

Dahil dito, nangangailangan ang barangay ng mga taong magboboluntaryong maghanap at magpuksa ng mga lugar na paboritong tirhan ng mga kiti-kiti. Kung ito ay mapapatupad, maiiwasan ang pagdami ng mga taong maaaring maapektuhan ng dengue. Mapapanatili rin ang kalinisan at kaligtasan ng mga nasasakupan ng barangay magsaysay.

## II. Layunin

Layunin ng panukalang ito na makisabwat sa mga naninirahan sa bawat purok na panatilihin ang kalinisan at kaligtasan ng barangay upang maiwasan ang pagkalat ng dengue Virus sa barangay Magsaysay. Layunin din nitong pagsama-samahin ang mga opisyal ng bawat purok at mga gustong magboluntaryo upang pugsain ang mga iniitlogan at pinupugaran ng mga lamok.

Plano ng pagpapatupad ng paghanap at pagpuksa sa mga kiti-kiti at lamok

1. Pagpasa, pag-aabroba, at paglabas ng badyet (2 araw)

2. Pagkakaroon ng pagpupulong o pag-uusap ng mga opisyales ng barangay ( 2 araw)

- Ang Punong barangay ay inaasahan na magbibigay instruksyon sa mga opisyales na magsisilbing gabay nila sa pagpapatupad ng proyekto.

3. Pag papaalam ng proyekto sa buong barangay (1 araw)

- Ang mga naninirahan sa bawat purok ng barangay ay inaasahang magboboluntaryo sapagkat sila ang mga mag bebenipisyo pagkatapos ng proyektong ito.

4. Pagpapatupad at pagsasagawa ng proyekto. (2 araw) Ang mga naninirahan ay inaasahang maglilinis, maghahanap, at magpupuksa ng mga pinupuguran ng mga kiti-kiti.

This study resource was shared via CourseHero.com

This study source was downloaded by 100000824063022 from CourseHero.com on 05-05-2021 09:34:19 GMT -05:00

https://www.coursehero.com/file/53840699/kaela-fildocx/

## III. Badyet

| MGA GAGASTUSIN | HALAGA |
|---|---|
| I. Mga kagamitan sa pagpuksa at paglinis ng mga kiti kiti tulad ng walis, dust pan, pantakip sa mga butas, at iba pa. | Php 5,000.00 |
| II. Mga pagkain at pantakip uhaw sa mga boluntaryo at aktibong tumulong sa paglilinis. | Php 3, 000.00 |
| Kabuuang Halaga | Php 8, 000.00 |

## IV. Benepisyo ng proyekto at mga makikinabang nito

Ang paghahanap at pagpupuksa ng mga kiti kiti ay magiging kapaki pakinabang sa Barangay Magsaysay. Maiiwasan na ang pagkalat ng dengue virus at iba pang virus na dinadala ng mga lamok. Maiiwasan na rin ang pagdami ng bilang ng mga pasyente at bilang ng mga namamatay dahil sa sakit na dala ng mga lamok. Hindi lang maiiwasan ang mga lamok kundi malilinisan din ang buong barangay. Sa pamamagitan nito, ang mga naninirahan sa barangay ay magkakaroon ng kapanatagan sa sarili at pamilya nila dahil alam nila na ligtas na sila sa mga sakit na dinadala ng mga lamok.

This study resource was shared via CourseHero.com

This study source was downloaded by 100000824063022 from CourseHero.com on 05-05-2021 09:34:19 GMT -05:00

https://www.coursehero.com/file/53840699/kaela-fildocx/